Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V
**Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon**

19 Setyembre 2023

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**Blg. 197, s. 2023**

**END OF PROJECT EVALUATION NG KCiE NG EDUCO**

SA: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Tagamasid ng SGOD at CID
Mga Tagamasid Pansangay ng Programang Pang-edukasyon
Mga Tagamasid Pandistrito ng mga Pampublikong Paaralan
Mga Punong Guro at Namumunong Guro sa Antas Elementarya at Sekondarya
Sa Iba pang Kinauukulan

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Sorsogon sa pangunguna ng Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum, sa pakikipagtulungan at ugnayan sa Educo ay nagpapabatid ng isasagawang ***End of Project (EOP) Evaluation*** ng proyektong ***Keeping Children In-School, Bringing Back to Education the Out-of School (KCiE).*** Ito ay isasagawa sa Setyembre 23-24, 2023 sa lugar na ipababatid na lamang.

2. Tunguhin ng EOP na mataya at ma-evaluate ang bisa at epekto ng KCiE Project sa mga mag-aaral at mga guro. Ang mga gawain sa ilalim ng proyektong ito ay nabuo sa pakikipag-ugnayan ng Educo sa DepEd, MLGU, at barangay. Naisagawa nila ang *capacity-building* sa mga guro at mga boluntaryo mula sa komunidad; gayundin, nabuo at namudmod ng limbag at di-limbag na kagamitang pampagtuturo sa batayang pagbasa at pagbilang gaya ng LEARN App para sa pagbasa at LEARN Bridging the Gap App para sa mga gurong nagtuturo sa mga batang PWD.

3. Ang kalahok sa EOP ay buhat sa mga piling paaralan ng Donsol, Pilar at Castilla. Ang araw, oras, at lugar ng ganapan; gayundin, ang inaasahang bilang ng guro, boluntaryong nagturo sa pagbasa, at mga batang mag-aaral na kalahok sa gawain ay makikita sa talahanayan sa ibaba.

| Petsa | Paaralan | | Mga Kalahok |
|---|---|---|---|
| Setyembre 23, 2023 (8:00nu)<br><br>Ganapan:<br>San Rafael Covered Court,<br>San Rafael, Castilla, Sorsogon | CASTILLA | La Union ES<br>Dinapa ES<br>San Rafael ES,<br>Cumadcad CS | 2 Guro<br>2 Reading Volunteer<br>6 Mag-aaral<br>(piling mag-aaral sa baitang 3-5 na gumamit ng Educo Gamified App) |
| Setyembre 24, 2023 (8:00nu) | DONSOL | Banuang Gurang ES<br>San Antonio ES | 1 Guro<br>1 Reading Volunteer |

Balogo Sports Complex, Balogo, Lungsod Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph

CERTIFICATION INTERNATIONAL ISO 9001:2015
CIP 5461/21/05/1163

| | | | |
|---|---|---|---|
| Ipababatid na lamang | | San Isidro ES | 3 Mag-aaral<br>(piling mag-aaral sa baitang 3-5 na gumamit ng Educo Gamified App) |
| | | Sevilla ES | |
| | | Gogon Es | |
| | | Alin ES | |
| | | Tres Maria ES | |
| | | Bayawas ES | |
| | | Gura ES | |
| | | Nagalon ES | |
| | | Rawis ES | |
| Setyembre 24, 2023 (1:00nh)<br>Ipababatid na lamang | PILAR | San Antonio ES | 1 Guro<br>1 Reading Volunteer<br>3 Mag-aaral<br>(piling mag-aaral sa baitang 3-5 na gumamit ng Educo Gamified App) |
| | | Pilar I CS | |
| | | Binanuahan ES | |
| | | Banuyo ES | |
| | | Calongay ES | |
| | | Mabanate ES | |
| | | Marifosque ES | |
| | | Abas | |
| | | Comapo-capo | |
| | | Poctol | |
| | | Naspi | |
| | | San Jose | |
| | | Bayasong | |
| | | Pilar II CS | |
| | | Danlog | |
| *Pabatid: Ang guro at/o ang reading volunteer ang magiging kasamang nakatatanda ng mga mag-aaral.* | | | |

4. Sapagkat ang araw ng pagsasagawa ay natapat sa araw ng Sabado at Linggo, ang mga permanenteng gurong kalahok sa gawain ay pagkakalooban ng kaukulang isang (1) araw na service credit alinsunod sa DepEd Order Blg. 53, s. 2003 batay sa talata 5.3 *Liham ng Joint Sirkular Blg.* 2 ng Komisyon ng Serbisyo Sibil at ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala na may petsang Oktubre 4, 2004 para sa serbisyong ginugol kaugnay ng kanilang aktibong pakikilahok sa gawain.

5. Ang gugulin sa pagkain at transportasyon kaugnay ng gawaing ito ay manggagaling sa Educo. Kaya't para sa mga karagdagang kabatiran hinggil dito, mangyaring makipag-ugnayan kay G. Jaypee Mapula - Area Manager ng Educo para sa Albay at Sorsogon, sa bilang na 09665574035 at/o sa email na aibie.juanitas@educo.org.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

**WILLIAM E. GANDO, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

*CID:GQT/sav*
*09/19/23*